Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 4, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad – may karamdaman |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 173 - T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NATIONAL STATISTICS OFFICE (NSO) KAUGNAY NG BATCH REQUEST SYSTEM (BREQS).**

**SAPAGKA'T,** nagkaroon ng kapasiyahan na nagbibigay ng kapangyarihan sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na pumasok sa isang kasunduan sa pagitan ng pamahalaang bayan at National Statistics Office ukol sa paggamit ng BREQS sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 141-T2010 ng sangguniang ito;

**SAPAGKA'T,** isinunod ang pagpapatibay ng kontrata ukol dito para sa pagsasaalang-alang, ayon sa pagliliwat sa sangguniang ito;

**SAPAGKA'T,** nagkaroon ng pagtalakay ang sanggunian at napaliwat sa Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri sa nilalaman ng kasunduan ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang kasunduan sa pagitan ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna at National Statistics Office (NSO) kaugnay ng Batch Request System (BREQS).

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang National Statistics Office, Lungsod ng Maynila; Kagalang-galang Punong Bayan, Tanggapan ng Tagatalang Sibil, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:
**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan